Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE MAYOR
RECEIVED
DATE 7-2-97
SANTA ROSA, LAGUNA

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T APAT PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-25 NG HUNYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad, Namuno
2. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
3. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
4. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
5. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
6. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
7. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
8. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
9. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
10. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan

**********

**KAPASIYAHAN BLG. 114-'97**
(Sa mungkahi ni Kag. Bustamante na pinangalawahan ni Kag. Algabre)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGSUSULIT KAY PUNONG-BAYAN ROBERTO R. GONZALES NG PROGRAMANG OPERATION-SAGIP-ILOG PARA SA KANYANG PAGPAPATIBAY.

YAYAMANG, lubos na mahalaga ang pagpapanatili ng kalinisian ng lahat ng ilog at padaluyang tubig upang maiwasan ang patuloy na paglaganap ng polusyon ng ating mga karagatan na nagiging sanhi ng kamatayan ng mga lamang dagat at iba pang nabubuhay dito.

YAYAMANG, alinsunod sa pag-aaral ng mga dalubhasa ay tatlumpung bahagdan pa lamang ang polusyon ng mga ilog sa buong bayan ng Santa Rosa kaya't napakalaki pa ng pag-asang ito ay masagip.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagsusulit kay Punong-bayan ROBERTO R. GONZALES ng programang Operation-Sagip-Ilog para sa kanyang pagpapatibay.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-24 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-25 ng Hunyo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim